# Pagiging Mahusay na Guro na Katulad ni Cristo—Isang Pagsusuri sa Sarili

Bilang mga guro, dapat palagi nating suriin ang ating mga kakayahan at kahinaan upang matulungan nating tumibay ang pananampalataya ng mga mag-aaral kay Jesucristo at maging lalong katulad Niya. Matutulungan ka ng sumusunod na aktibidad na ipamuhay ang mga alituntunin ng pagtuturo na katulad ni Cristo. Isipin kung gaano kahusay kang inilalarawan ng mga sumusunod na pahayag bilang isang guro. Piliin ang pinakaangkop na sagot sa bawat pahayag: (1) bihira, (2) minsan, (3) madalas, (4) halos palagi.

Pagkatapos, ayon sa patnubay ng Espiritu, mapanalanging piliin ang ilang bagay na nais mo pang paghusayin. Magtakda ng ilang mithiin, at gamitin ang resource na ito para matulungan kang humusay.

## Pagtutuon ng Pansin kay Jesucristo

__ Itinuturo ko ang tungkol kay Jesucristo anuman ang itinuturo ko.

__ Binibigyang-diin ko ang halimbawa ni Jesucristo.

__ Tinutulungan ko ang mga mag-aaral na matukoy ang pagmamahal, kapangyarihan, at awa ng Panginoon sa kanilang buhay.

__ Tinutulungan ko ang mga mag-aaral na patibayin ang kanilang kaugnayan sa Ama sa Langit at kay Jesucristo.

__ Tinutulungan ko ang mga mag-aaral na sadyang sikaping maging lalong katulad ni Jesucristo.

## Mahalin ang mga Tinuturuan Mo

__ Sinisikap kong tingnan ang mga mag-aaral sa paraan ng pagtingin sa kanila ng Diyos.

__ Sinisikap kong kilalanin ang mga tinuturuan ko—para maunawaan ang kanilang kalagayan, mga pangangailangan, at mga kakayahan.

__ Ipinagdarasal ko ang mga mag-aaral at binabanggit ang kanilang pangalan.

__ Lumilikha ako ng ligtas na kapaligiran kung saan iginagalang ang lahat at batid na pinapahalagahan ang kanilang mga kontribusyon.

__ Naghahanap ako ng mga angkop na paraan para ipakita ang aking pagmamahal.

## Magturo sa Pamamagitan ng Espiritu

__ Inihahanda ko ang sarili ko sa espirituwal na aspekto para makapagturo.

__ Tumutugon ako sa mga espirituwal na pahiwatig tungkol sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral.

__ Lumilikha ako ng mga tagpo at pagkakataon para maturuan ng Espiritu Santo ang mga mag-aaral.

__ Tinutulungan ko ang mga mag-aaral na hangarin, kilalanin, at kumilos sa personal na paghahayag.

__ Madalas akong magbahagi ng patotoo, at hinihikayat ko ang mga mag-aaral na ibahagi ang kanilang nadarama, mga karanasan, at patotoo.

## Ituro ang Doktrina

__ Inaaral ko ang doktrina ni Jesucristo para sa sarili ko.

__ Mula sa mga banal na kasulatan at salita ng mga propeta sa mga huling araw ang itinuturo ko.

__ Tinutulungan ko ang mga mag-aaral na hangarin, kilalanin, at unawain ang mga katotohanan sa mga banal na kasulatan.

__ Nagtutuon ako ng pansin sa mga katotohanang humahantong sa pagbabalik-loob at nagpapatatag sa pananampalataya kay Jesucristo.

__ Tinutulungan ko ang mga mag-aaral na maiugnay sa sarili nila ang doktrina ni Jesucristo.

## Maghikayat ng Masigasig na Pag-aaral

__ Tinutulungan ko ang mag-aaral na akuin ang responsibilidad sa kanilang pagkatuto.

__ Hinihikayat ko ang mga mag-aaral na makilala ang Tagapagligtas sa araw-araw na pag-aaral ng ebanghelyo.

__ Inaanyayahan ko ang mga mag-aaral na maghandang matuto.

__ Hinihikayat ko ang mga mag-aaral na ibahagi ang mga katotohanan na natututuhan nila.

__ Inaanyayahan ko ang mga mag-aaral na ipamuhay ang natututuhan nila.